O Bilāl, magsanaysay ka sa akin ng pinakamagantimpalang gawaing ginawa mo sa Islām

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi kay Bilāl sa sandali ng ṣalāh sa madaling-araw: "O Bilāl, magsanaysay ka sa akin ng pinakamagantimpalang gawaing ginawa mo sa Islām sapagkat tunay na ako ay nakarinig ng yabag ng sandalyas mo sa harap ko sa Paraiso." Nagsabi ito: "Ang ginagawa kong isang gawaing pinakamagantimpala sa ganang akin ay na ako ay hindi nagpapakadalisay ng isang pagdalisay sa isang oras sa isang gabi o isang maghapon malibang nagdarasal ako dahil sa pagkadalisay na iyon ng naitakda sa akin na dasalin ko."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nakita ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)sa panaginip na siya ay nasa Paraiso saka nagsabi siya kay Bilāl bin Rabāḥ: "Magpabatid ka sa akin hinggil sa pinakamagantimpalang gawain ng pagkukusang-loob na ginawa mo sa Islam sapagkat tunay na ako ay nakarinig ng mahinang tunog ng sandalyas mo sa pagpapahakbang nito sa paglakad sa harap ko sa Paraiso." Nagsabi si Bilāl: "Ang ginagawa kong isang gawaing pinakamagantimpala sa ganang akin ay na ako ay hindi nasiraan ng kadalisayan sa isang oras sa isang gabi o isang maghapon malibang nagsasagawa ako ng wuḍū', pagkatapos nagdarasal ako sa Panginoon ko dahil sa wuḍū' na iyon ng mga kinukusang-loob na ṣalāh na naitakda sa akin na dasalin ko."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65849